



Gifu Prefecture Public Relations Balita mula sa Prepektura ng Gifu

Enero, 2018

Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

Pangunahing Disenyo ng Gusali ng Prefectural Office

Inilalathala ang nabuong pangunahing disenyo para sa planong pag-ayos sa gusali ng prefectural office (Marso 2016, petsa ng pagplano). Isinaalang-alang ang mga opinyon na natanggap mula sa pampublikong opinion, atbp. ng mga residente tungkol sa mga detalye ng planong ito.

Konsepto:

○Base ng Prepektural Administration

Ang HQ ng administrasyon ng prepektura na patuloy na nangangasiwa sa serbisyong pang-administratibo

○Simbolo ng Seiryu No Kuni Gifu

Pinapa-alam ang kagandahan ng prepektura na mayaman sa kalikasan at tradisyonal na kultura

Pangunahing Plataporma:

- Gusali ng Prefectural Office na nagpapa-alam ng kagandahan ng prepektura; at pagtitipunan at magiging pamilyar sa mga residente ng prepektura
Gusaling pamilyar at kombenyente/ may Universal Design/ Prefectural Residents' Hall o Gallery
- Gusali ng Prefectural Office na nagpoprotekta sa ligtas at mapayapang pamumuhay ng mga residente ng prepektura
Matibay laban sa lindol/ Napapanatili ang punsyon sa a oras ng kalamidad/ Mataas na kalidad sa mga administratibong serbisyo/ May seguridad
- Gusali ng Prefectural Office na isinaalang-alang ang mga gastos sa kapaligiran at lipunan
Konserbasyon ng enerhiya at materyales/ Paggamit ng renewable energy/ Sulit at pangmatagalan.

Batay sa pangunahing disenyo, isusulong ang detalyadong disenyo, at layon na maipatayo sa lalong madaling panahon ang administratibo at parliyamantong gusali sa taong 2019 at lumipat na sa taong 2022.

●Populasyon sa Prepektura

2,010,698 (Nabawasan ng 539 katao)

Lalaki: 974,382 (Nabawasan ng 218 katao)

Babae: 1,036,316 (Nabawasan ng 321 katao)

※Oktubre 1, 2017 hanggang sa kasalukuyan.

※Inihambing sa () ng nakaraang buwan.

Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division

Facebook 「清流の国ぎふ」

Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayori!!

岐阜県 ミナモたより

hanapin

Prefectural Government Public Relations TV Program

「Gifu Prefecture Government Hotline」 - Televisio

(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57

(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58

Naghahatid rin ng 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 sa palabas sa **Gifu Chan** (Channel 8)!

Pindutin ang "d" button para makuha ang lokal na impormasyon!



Pag-browse ng Pangunahong Disenyo:

○Website ng Prepektura

<http://www.pref.gifu.lg.jp/kensei/ken-gaiyo/soshiki-annai/somu/tyousyakensetu/kihonsekkei.html>

○Lugar sa Pag-browse

Prefectural Office at bawat Regional Office (Seino, Ibi, Kamo, Chuno, Gujo, Touno Seibu, Ena, Hida, Gero)

Para sa mga opinyon at katanungan:

Prefectural Government Office Building Construction Division

FAX 058-278-3540

E-mail c11119@pref.gifu.lg.jp

Hanapang Salita: 「岐阜県庁舎 基本設計」

Kahon ng Impormasyon

Impormasyon Para sa mga Employer: Kaltasan sa Sahod ang Indibidwal na Resident Tax ng mga Empleyado

Ang sistema ng 'pagkaltas ng Resident Tax sa sahod' ay katulad ng paraan ng 'pagkaltas ng Income Tax sa sahod' kung saan awtomatikong kakaltasin ang resident tax ng employado sa kanilang buwanang sahod/ sweldo. Obligasyon ng employer na gamitin ang sistema ng awtomatikong pagkaltas na ito.

Pangunahing Katangian ng Pagkaltas sa Sahod:

- Ang employer ay hindi na kailangang magkalkula ng halaga ng tax o gawin ang year-end tax adjustment.
- Ang mga empleyado ay hindi na kailangang pumunta sa mga pinansiyal na institusyon upang magbayad at hindi na mangyayaring makalimutang magbayad.

●**Para sa Katanungan** : Gifu Prefectural Taxation Division o Resident Tax Division sa mga lungsod, bayan o nayon sa loob ng prepektura

Hanaping salita: 岐阜県 特別徴収

Impormasyon "Inochi Kagayaku Seiryu Nagara- gawa" Eksibisyon sa Prefectural Museum

Ginaganap ngayon sa museo ang Eksibisyon: "Inochi Kagayaku Seiryu Nagara- gawa" ang pag- eksibit ng mga mahahalaga at natatanging halaman at bulaklak na tumutubo sa tabi ng malinis na ilog ng Nagara.

- Petsa** : hanggang Pebrero 25 (Linggo)
- Lugar** : Gifu Prefectural Museum (Seki-shi)
- Bayad** : Ordinaryo ¥330, College/University student ¥110, Senior HS pababa ay Libre
- Para sa Katanungan** : Prefectural Museum ☎ 0575-28-3111 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

Hanaping salita: 岐阜県博物館

Babala Mga Aksyon na Dapat Gawin sa Panahon na Ilunsad ang Ballistic Missile

Ang ballistic missile ay maaaring makarating sa Japan sa loob ng 10 minutos lamang. Kapag nakatanggap ng impormasyon mula sa J-ALERT, Area mail atbp. tungkol sa paglunsad ng missile, huminahon at sundin ang mga sumusunod na aksyon sa lalong madaling panahon:

Kapag nasa labas:

Lumisan sa malapit na gusali o sa underground

Kung walang gusali sa paligid:

Magtago sa lilim, dumapa at protektahan ang ulo

Kapag nasa loob ng bahay o gusali:

Lumayo sa bintana o lumisan sa silid na walang bintana

●**Para sa Katanungan** : Prefectural Crisis Management Policy Division

☎ 058-272-1121 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2524

Hanaping salita: 岐阜県 ミサイル

Impormasyon Talk Show ng Honorary Director na si Bb. Misako Kono, Gaganapin

Sina Bb.Misako Kono at G. Naoki Ogi (Kritiko sa edukasyon) ay mayroong talk show tungkol sa edukasyon at pagpapalaki (pag-aalaga) ng bata.

- Petsa at Oras** : Pebrero 3 (Sabado) 14:00~
- Lugar** : Prefectural Library (Gifu-shi)
- Kapasidad** : 300 katao (first come, first served)
- Bayad** : LIBRE
- Paraan ng Aplikasyon** : Gamit ang itinalagang e-mail form o sa Prefectural Library First Counter

●**Umpisa ng Aplikasyon** : Enero 10 (Miyerkules)

●**Para sa Aplikasyon at Katanungan** : Prefectural Library ☎ 058-275-5111 (sa wikang Hapon lamang)

Hanaping salita: 岐阜県図書館

Impormasyon Tokai Tatlong Prepektura at Isang Lungsod “Buy Green Campaign”

Ang tatlong (3) prepektura at isang (1) lungsod sa Tokai (Gifu-ken, Aichi-ken, Mie-ken at Nagoya-shi) ay nakikipagtulungan sa mga kumpanyang nag-sponsor sa “Buy Green Campaign” na kung bumili ng mga item na refillable, mga produktong may mga label na pangkalikasan, mga lokal na produkto para sa lokal na pagkonsumo, at mag-aplay, maaaring manalo sa palabunutan at makakuha ng eco na produkto, atbp.

●**Petsa** : Enero 12 (Biyernes) ~ Pebrero 11 (Linggo)

●**Lugar** : Sa mga mga nakikipagtulangang tindahan para sa “Buy Green Campaign” sa loob ng tatlong prepektura at isang lungsod ng Tokai

●**Paraan ng Aplikasyon** : Application form mula sa mga kaugnay na tindahan, o sa Website

●**Deadline ng Aplikasyon** : Pebrero 11 (Linggo) (postmarked hanggang sa huling araw ng aplikasyon)

●**Para sa Aplikasyon at Katanungan** : Prefectural Waste Management and Policy Division

“Tokai Tatlong Prepektura at Isang Lungsod: Buy Green Campaign” Executive Committee Secretariat

☎ 058 - 272 - 8214 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

Hanaping salita: 東海 グリーン購入 活動

Impormasyon Ang Ika- 4 na “Kitchen Car Grand Prix sa Hana Festa” ay gaganapin

Ang mga kitchen car na aktibo sa Tokai area ay magtitipon sa Hana Festa! Sikat na ibento nitong tag- lamig ang bumoto para sa mga paboritong Kitchen car. Tikman ang lahat ng menu para makakuha ng malaking regalo.

●**Petsa** : Enero 13 (Sabado), 14 (Linggo) at Enero 20 (Sabado), 21 (Linggo)

※LIBRE ang pagpasok para sa 4 na araw na ito

●**Lugar** : Hana Festa Memorial Park (Kani-shi)

●**Para sa Katanungan:** Hana Festa Memorial Park ☎ 0574-63-7373 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

Hanaping salita: 花フェスタ記念公園

Ang impormasyong ito ay ayon sa kasalukuyan, Nobyembre 22, 2017.

Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag- ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division

☎058-272-1111 (Dir. Lin.) (wikang Hapon lamang) **FAX** 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center <http://www.gic.or.jp/>